# *Ang Binhi Ay Hindi Magiging Tagapagmanang Kasama Ang Talukap*

Maraming salamat sa iyo, Kapatid na Demos. At ngayon kami'y nagagalak na makaparito sa umagang ito, at mapakinggan ang lahat ng maiinam na mga patotoo mula sa maiinam na mga tao. At ngayon, umaasa tayo na tuluy-tuloy na kasama natin ang Panginoon at pagpapalain tayo.

2 Ngayon, mamayang gabi, nauunawaan ko na mangungusap ako mamayang gabi, loobin ng Panginoon. At tinanong ko si Kapatid na Shakarian, kani-kanina lang, sabi ko, "Ngayon, huwag kang mahiya. Alam ko na dapat makaalis na tayo rito nang alas onse at di ko—di ko kasi namamalayan ang oras kapag sumasampa ako rito."

3 Mukha ngang lahat tayo'y ganoon. Pakiramdam natin... Sasabihin nila, "Dalawang minuto, tatlong minuto, o..." Kapatid na Smith, alam mo, mahirap ngang gawin 'yun nang dalawa o tatlong minuto. At alam kong ganoon nga, at humihingi ako ng pasensya sa bawat isa. Anupa't nasa panahon tayo ng oras, dito sa kung nasaan tayo. Patungo tayo sa Walang Hanggan, pero ngayon nasa oras tayo.

4 Tapos sabi ko, "Kapatid na Demos, bago mismo maubos ang oras, huwag kang mahiya, senyasan mo lang ako ng marahang hatak sa amerikana ko at malalaman ko na 'yun na ang oras para huminto." Ngayon, kung di ako matapos, tatapusin ko mamayang gabi. Pero kung matapos ko, buweno, may bagong teksto ako para mamayang gabi.

5 Ngayon bago lamang natin buklatin ang Aklat, mangusap tayo sa May-Akda, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo.

6 Minamahal na Makalangit na Ama, pinasasalamatan Ka namin sa umagang ito para sa pagtitipon na ito, para sa bagay na napakinggan na namin. Kung magagawa lang namin na dumaan sa basbas ngayon, Panginoon, mararamdaman namin na mainam mismong makaparito. Kaya idinadalangin ko na magpatuloy Ka, kung mabuti sa Iyo pong paningin, haya't magpatuloy Ka po sa piling namin at tulungan kami. At ngayon nagkakatipon kami sa palibot ng Salita. Habang nagkakatipon kami sa palibot ng pakikipagbuklod sa isa't isa, pinakikinggan ang mga patotoo ng kung anong ginawa Mo para sa amin, ngayon kami po'y ibaling sa Salita at masumpungan kung saan ang lahat ng ito'y

nanggaling. Pagkatapos, 'yun ay magiging kumpirmasyon ng bagay na nararamdaman namin at nakikita, na nangyayari sa panahon ngayon. Iyo pong ipagkaloob ang mga bagay na ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

7 Ngayon, bilang—bilang Kanyang lingkod, ako—ako'y obligado sa isang Mensahe. At kung minsan ako'y di nauunawaan nang lubos, sa nakaraan, at marahil maging sa hinaharap sa tuwina. Pero hindi po ako nangungusap ng mga bagay-bagay para maging—para maging iba, sinasabi ko po ang mga bagay na ito nang may katapatan. At nais kong sabihin mismo ang bagay na iniisip ko na tama. Ang lahat ay may—may karapatan naman sa mga bagay na 'yan, na ilahad ang sarili niyang opinyon. Yan ang dahilan kung bakit narito ako sa kalagitnaan n'yo.

8 At Kapatid na Shakarian, noong banggitin niya ang mga prayer card sa pila para sa pananalangin, na nakita ang bagay na ginawa ng Espiritu Santo. . . Ngayon, hindi niya 'yun sinasabi para sa akin. Tungkol 'yun sa Espiritu Santo, dahil hindi ko naman kayang gawin ang mga bagay na 'yun. Kahit sino'y nalalaman 'yan, hindi ko 'yun magawa. Pero—pero 'yan nga'y kapirasong bahagi lang, ng bagay na makikita n'yo rito. Kung nandun lang sana kayo sa ibang lugar, at nasaksihan kung papaanong paunang sinasaysay Niya ang mga bagay-bagay! At ako. . .ang mga bagay na mangyayari, ito'y, ang mga ito'y sadyang. . .kayo, kayo mismo ang may bunsod nun. Kayo kasi ang sumasampalataya sa Diyos.

9 At—at mangyari nga na kung di kayo naniniwala sa Diyos, alalahanin n'yo, sasabihin at sasabihin pa rin Niya mismo sa inyo, dito sa entablado. At kung kayo'y nasa kasalanan, sasabihin Niya mismo sa inyo. At ang mga bagay na ginawa n'yo, at 'yang mga bagay na dapat di n'yo ginawa, sasabihin at sasabihin Niya mismo sa inyo. Hindi lamang 'yung inilagay nila sa prayer card. Maaari ngang ilagay nila sa kanilang prayer card. . .Hindi nga nila sasabihin 'yun, doon, na sila'y isang "makasalanan," at ang babaing ito halimbawa'y "may kinakasamang hindi niya asawa," o kung ano pa. At hindi nila ilalagay 'yun sa prayer card, pero matatalos at matatalos nga 'yun ng Espiritu Santo ano't anuman, kita n'yo. Kita n'yo? At kaya ito'y. . .pagkatapos 'yung paraan. . . 'yung—'yung sobrenatural na bahagi, mga kaibigan.

10 At sinasabi ko ito nang may paggalang, yamang hindi naman tayo marami sa umagang ito, munting grupo lang. Namamangha ako, na para bang ikanenerbiyos ko, pakiramdam ko nga'y gusto kong sumigaw kung minsan. At kapag nauupo ako sa isang dako, sa tabi ng bundok, kung saan gumugugol ako ng maraming oras doon, tumatanggap mula sa Diyos, pupunta rito at ilalahad sa mga tao ang bagay na ibinigay Niya sa akin. At ayaw kong—ayaw kong maging iba sa ibang tao. Pero sa kabila nun, sa totoo

lang, kinakailangan kong maging tapat sa Diyos, kita n'yo, ukol sa—ukol sa isang Mensahe.

11 At ngayon kami, loobin ng Panginoon, naghahanda kaming lumuwas para sa isang ibayong-dagat na pag-iikot, sa loob na lang ng ilang araw, at kung 'yun ang kalooban ng Panginoon. Tunay po na hinihingi ko ang inyong mga pananalangin.

12 Kayo po'y mabubuti! Kapag nagsimula na akong magsalita, nakakalimutan ko nga ang oras, gaya ng iba pa sa atin. Pero kay Kapatid na Shakarian, sa mga maiinam na mga ministro rito sa entablado, at sa inyo riyan, lahat kayo na mga kaibigan kay Jesus Cristo, binabati ko kayo sa Kanyang Pangalan; bilang isang—isang kapwa kamag-anak, sa pamamagitan ng krus, sa Diyos, yamang magkakapatid na lalaki't magkakapatid na babae.

13 Nais kong bumuklat, sa umagang ito, sa Kasulatan, doon sa Aklat ng Mga Taga-Galacia, loobin ng Panginoon. Nais kong magbasa ng Kasulatan.

14 Ngayon, kagabi, sa pakikinig sa mensahe na galing sa ating nagmiministeryong kapatid na lalaki rito sa entablado, nagsalita siya sa iba't ibang wika. Si Bresden, Kapatid na Bresden, isang napakainam na lalaki. Ako . . .

15 Ang makita ang kakapusan ko sa pag-aaral at edukasyon, ang kakulangan ko ng pag-uunawa sa mga salita, at pagkatapos ang malaman na ang Mensahe'y totoo mismo, at ang makita ang ganitong mga kalalakihan na nasa panel noong isang gabi, na tumatayo roon na may . . . na may ganoong pagka-intelektuwal na tipo. Marahil di nila kayang gawin ang bagay na tinawag ako ng Panginoon para gawin. Hindi ko rin naman kayang gawin ang tinawag sa kanila ng Panginoon para gawin. Pero kami na tratrabaho nang magkalakip, nakakatiyak ako na magagawa naming itawid ang Mensahe, kung mananatili lamang kami sa harapan ng Diyos.

16 At noong magbigay siya ng—ng patotoo rito kagabi, at nagsalita sa iba't ibang wika ang Espiritu Santo, at, sa mga nariyan sa mga tagapakinig, sa tuwina nga'y alam ko kung papaano maging mapitagan ukol doon. Dahil, nauunawaan ko, sa pamamagitan ng Biblia, na 'yan ang Espiritu ng Diyos na naghahatid sa atin ng isang bagay. At ang sabi niya, nangusap siya tungkol sa huling ulan, unang ulan at huling ulan. At dinala ako nun sa isang kaisipan.

17 Na may ibinigay sa akin si Kapatid na Bonham na munting sobre na may ilang tseke sa loob, sabi, "love offering ito para sa . . . mula sa mga tao." Ngayon, siya—siya, hindi na dapat sila nag-abala para dun. Kita n'yo, hindi ako nagpunta rito para sa layunin na 'yun. Pero ako . . . siya, ibinigay nila 'yun sa akin, at, hayan nga, may . . . wala ngang paraan para maisauli 'yun. At dadalhin ko po 'yun, kung loobin ng Panginoon, at sisikapin kong ilagay 'yun sa mga gastusin ko, sa pagpunta sa ibayong-

dagat. Dahil, kung wala po akong tagapagtaguyod, walang kaparaanan, para ako makapunta.

18 Medyo palihim po ’yun, dahil ayaw akong papasukin ng mga kaiglesyahan. At pupunta po ako roon bilang isang mangangaso, dahil ito’y sa aking Panginoon. Inilagay ng Panginoon sa puso ko na gawin ito, at pupunta po ako roon na para bang palihim. Kita n’yo? Mangyari nga na may kakatwa silang mumunting ideya roon, na bawat isa roon ay gusto akong pumirma sa isang card, na sumang-ayon daw ako sa kanila sa bagay na pinaniniwalaan nila, at sabihin na itong *kabilang* grupo ay mali, at sinasabi ng grupong *ito* na sila ang magpapasok sa akin kung sasabihin ko raw na *itong* isang grupo’y mali. Kita n’yo? Pero ayaw ko nang ganoon. Kita n’yo, tayo nga’y . . .

19 Sinisikap ko sa tuwina na tumayo sa pagitan ng mga tao, sa labas ng mga organisasyon at kanilang mga pagkakaiba, at sabihin kung ano mismo ang tila sinasabi ng Espiritu Santo sa mga kapatiran dito sa umagang ito, na hindi tayo isang denominasyon. Tayo’y mga anak sa isang pamilya. Ngayon, wala ngang Branham na denominasyon. May Branham na pamilya, at tayo nga’y hindi umaanib sa pamilyang ’yun, tayo’y ipinapanganak sa pamilya na ’yun. At kaya, ako, ’yan ang bagay na sinisikap kong irepresenta, sa—sa abot ng maiinam kong makakaya kung paano.

20 Ngayon po sa Mga Taga-Galacia 4:27-31, sa palagay ko namarkahan ko na ’yun dito, nais kong basahin ito bilang teksto.

> *Sapagka’t nasusulat, Magsaya ka, oh baog na hindi nanganganak; magbiglang umawit at humiyaw ka, ikaw na hindi nagdaramdam sa panganganak: sapagka’t ang pinabayaan* ay . . . *higit pa ang mga anak* kaysa sa may *asawa.*
>
> *Ngayon tayo, mga kapatid, tulad ni Isaac, ay mga anak* ng *pangako.*
>
> *Datapuwa’t kung papaanong yaong ipinanganak ayon sa laman ay nagusig sa ipinanganak ayon sa espiritu, ay gayon* din naman *ngayon.*
>
> *Gayon man ano ang sinasabi ng kasulatan? Palayasin ang* aliping babae *at ang kaniyang anak: sapagka’t ang anak ng* babaing alipin *ay hindi magmamana na kasama ng anak ng babaing malaya.*
>
> *Kaya nga, mga kapatid, hindi tayo mga anak ng* babaing alipin, *kundi ng babaing malaya.*

Nawa’y idagdag ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala ngayon sa Kanyang mahalagang Salita.

21 May kaunti ako, kagabi na mga ilang bagay na inililista ko; at dati-rati, kung may isang pagtitipon lang ako sa sanlinggo, sa kung saan, tanda ko—tanda ko ’yung Mga Kasulatan sa isip

ko. Pero ngayon matapos kong. . .Ngayon, gaya ng sinasabi ko sa munting pabirong paraan, ayaw ko pong magbiro rito sa entablado kung tutuusin. Pero paglampas mo ng dalawampu't lima, sa ikalawang pagkakataon, hindi na ako nakakasaulo gaya ng nagagawa ko dati-rati. Napakaraming. . .Napakarami na ng milya sa lumang Ford na ito, at kaya hindi na ako makaalala maigi. Pero hangga't nakakaandar pa rin, nais kong ibigay ang bawat usad sa kaluwalhatian Niya na Siyang nagligtas sa akin.

22 Ngayon ako, habang nakikita ko 'yun kaninang umaga, minamasdan. . .Marahil kakatwa po ito, at marahil sa isang intelektuwal na isip ay tila ba napaghahalo-halo ito, pero ito nga'y lumalapat sa bagay na ako'y tinawag. Maging bawat munting bagay ay isang tanda sa akin. Minamasdan ko Ito, tinitingnan kung paano ang pagkilos Nito. Sa ganoon ko nakukuha ang mensahe ko kung minsan, ang magmasid at matyagan ang paraan ng pagkilos ng Espiritu, at tingnan kung anong sinasabi ng isang *ito*, kung ano ang sinasabi ng isang *'yun*.

23 At mapapansin n'yo ako, maraming beses na, bago ang gawain para sa pagpapagaling, habang nakatayo ako rito sa entablado, o nakaupo riyan sa likod, na nagmamasid; pinapakiramdaman ko ang Espiritu, 'yung paraan ng pagkilos Nito, at agad-agad kong nalalaman ang suliranin sa tao na 'yun na nakaupo roon. Kita n'yo? Nakikita 'yun, mula sa dako *rito*, kita n'yo, mahahagip mo Ito bago ka pa lang magtungo sa entablado.

24 Kung minsan bago ako magtungo sa pagtitipon, kung minsan, bago pa man makadako gaya rito sa California, nauupo ako kasama 'yung mga kasamahan ko, sinasabi, "May isang bagay na mangyayari, mangyayari *ito* rito, at mangyayari naman ang *ganito* sa dako rito, ito'y dadako sa direksyon na *ito*," kita n'yo, dahil ito'y nasa Espiritu ng Diyos. Siya ang. . .Batid Niya ang lahat ng mga bagay mula pasimula, kita n'yo, at kaya Siya ang Isa na Walang Hanggan.

25 At pagkatapos napansin ko, ngayong umaga, si Kapatid na Jewel Rose, isang kalugud-lugod na kaibigan at kapatid sa ating lahat, kung papaanong tumayo siya at binasa ang Mga Awit. Nakita n'yo kung paano 'yun nagkalakip, gaya nung sinabi niya, "Nais kong makita kung anong uri ng binhi ang nariyan sa inyo." Kagabi, nagsalita ang Espiritu at ang sabi, at tungkol sa, "Ang huling ulan, ang una't huling ulan, ay kapwa ibinuhos sa huling mga araw." At sa umagang ito, "Ang binhi na nariyan sa inyo." Kita n'yo, nangungusap ang Espiritu, masdan n'yo kung paano ang pagkilos Nito sa mga ministrong ito, at iba pa, sa umagang ito. Kaya naman tatalakayin ko ang paksang ito: *Ang Binhi Ay Hindi Magiging Tagapagmanang Kasama Ang Talukap*.

26 Kakaibang teksto nga 'yan, pero, *Ang Binhi Ay Hindi Magiging Tagapagmanang Kasama Ang Talukap*. At kukunin ko,

hahanguin ko ang konklusyon ko rito, o teksto ko, pala, mula sa Mga Taga-Galacia 4:27, tatlo, si Pablo rito'y nangungusap nga tungkol sa literal na binhi ni Abraham na dalawang anak na lalaki. Ngayon, ito, nais kong gamitin ito para siguradong hindi n'yo mapalampas ito. At kung lalampas ako sa oras, itutuloy ko mamayang gabi. At nais kong magturo, na parang isang araling Sunday school para kayo, sa palagay ko, ay magkaroon ng mas mainam na kaunawaan.

27 At ako. . .At ilan sa inyo na mga kalalakihan na mas—mas may kakayahan na ituro ito kaysa sa akin, hayan po. . .Hindi ako isang teologo, sa anumang paraan. At kaya kung kayo po'y di sang-ayon sa akin ukol Dito, mangyari nga na katulad 'yun nung ginawa ko kagabi noong may mahal na kapatid na babae rito na ipinagluto ako ng isang cherry pie. Nakaupo ako sa aking—aking. . .sa silid ng hotel ko kaninang umaga, dumating ako—ako dun sa buto, pero kinakain ko pa rin 'yung pie. Inalis ko lang 'yung buto, kita n'yo. Kaya, ganoon din, 'yung bagay na di n'yo pinaniniwalaan tungkol Dito, isantabi n'yo lang, kita n'yo, at magpatuloy lang kayo sa pagkain sa bagay na sa palagay n'yo ay tama.

28 Ngayon, ipinapangusap ni Pablo ang tungkol sa dalawang anak na lalaki ni Abraham, na, ang isa ay sa pamamagitan ni Sarah at 'yung isa naman ay sa pamamagitan ni Hagar. Ngayon nasumpungan natin dito, at nauunawaan natin 'yun sa pamamagitan ng Mga Kasulatan, na ang Diyos ay di kailanman kinakatawan sa dalawahan. Ito'y sa tatluhan. Palaging sa tatlo, na ang Diyos ay pinagiging ganap.

29 Ang matematika ng Biblia'y tumutugaygay nang ganap. Ang Diyos ay pinagiging ganap sa tatluhan, sinasamba sa pituhan, at kung ano pa. Kita n'yo, hayan nga na masusumpungan natin—natin na ang matematika ng Biblia'y di kailanman pumapalya.

30 At mayroon tayo ritong dalawang anak na lalaki ni Abraham, at mangyari nga na tayo'y magiging mga tagapagmana lamang hangga't isa tayo sa mga anak na 'yun, o sa anak ni Abraham. "Yamang mga patay tayo kay Cristo, kung magkagayon ay naging mga binhi tayo ni Abraham, at mga tagapagmana kasama Niya ayon sa pangako," kaya naman si Abraham ay marapat mismo na may isa pang Anak.

31 Ngayon, alam natin na ang una niyang anak ay sa pamamagitan ni Hagar, at nalaman natin na ang pangalawa niyang anak ay sa pamamagitan—sa pamamagitan ni Sarah. Pero mayroon siyang ikatlong Anak, si Jesus. Ngayon, para ngang kakatwa 'yan, pero 'yan nga ang bagay na sisikapin nating himayin. Gaya ng sinabi ko, inirerepresenta ng Diyos ang Kanyang Sarili, sa tuwina sa kaganapan, sa tatluhan. At nililinaw ko nga ang sarili ko sa harapan ng lahat ngayon, at lalong-lalo na sa ating mga teologo, na itong mga bagay na ito

ay paraan lamang ng pagkakita ko rito, paraan ng dating nito sa akin.

32 Gaya sa simula, ang Diyos, mag-isang nabubuhay ang Diyos, dahil Siya ang Isa na Walang Hanggan, kita n'yo, hindi pa Siya Diyos noon. Ang *Diyos* ay isang "pinag-uukulan ng pagsamba." At ang Logos, gaya ng tawag natin Dito, ang Salita na nanggaling mula sa Diyos, na Siya, alam ng lahat na Siya yaong Anghel ng Panginoon, o ang Salita ng Panginoon, na sumusunod sa mga Israelita sa ilang; ang Anghel ng Tipan, ang Logos na nagmula sa Diyos. At pagkatapos ang Logos na 'yun ay nagsalaman at nanahan sa kalagitnaan natin. Ngayon nasa San Juan 1 tayo, "Sa pasimula ay ang Salita, ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos." At ngayon, kung papaanong ibinigay Niya sa atin ang Kanyang buhay, mangyari nga na ang Kanyang Espiritu ay bumabalik sa atin. Ang sabi ni Jesus, "Sa araw na yaon ay makikilala n'yo na Ako'y nasa Ama, ang Ama'y nasa Akin; Ako sa inyo, at kayo sa Akin."

33 Kita n'yo, ang Diyos nga ito, sa tuwina, ang Diyos na inihahayag ang Kanyang Sarili, ginaganap ang Kanyang Sarili sa iba't ibang mga kapanahunan. Kaya ang tatlong 'yun, ng, Ama, Anak, at Espiritu Santo, ay siya ring Diyos na gumagawa sa tatlong katangian. At tayo ngayon ay isa, ang Iglesya Mismo, na isang katangian ng pag-iisip ng Diyos bago pa itinatag ang sanlibutan, na magkaroon ng isang—isang Iglesya. Kaya sila na nakay Cristo ay nakay Cristo na sa pasimula, na Kanyang mga kaisipan, at ang Kanyang mga kaisipan ay ang Kanyang mga katangian.

34 Dito nagsisimula ang binhi, sa pangako. At si Abraham dito ay medyo nag-alinlangan, sa pamamagitan ni Ismael. Haya't nais kong ipakita sa inyo ang tatlong yugto nito, ng Binhing ito na ipinapangusap natin, na hindi kasamang tagapagmana ng talukap. Ngayon makikita natin na, sa pasimula rito, binigyan ng Diyos si Abraham ng pangako.

35 Nagbigay Siya kay Adan ng pangako, noong una. At 'yun, o, ang tipan na 'yun ay may mga kondisyon. "Kung hindi mo gagawin ang *ganito*. Kung gagawin mo *Ito*."

36 Pero noong ibinigay Niya ito kay Abraham, walang kondi-kondisyon 'yun, "Aking ginawa na ito." Hindi Siya kailanman. . .Yung ginawa Niya, ay walang kondi-kondisyon 'yun, Siya'y nagbigay kay Abraham. Ngayon, at sa pamamagitan nun, na si Abraham ay nagkamit ng pangako, kung magkagayon tayo'y kailangan na maging Binhi ni Abraham. "Hindi lamang kay Abraham, bagkus sa kanyang Binhi na kasunod niya." Ngayon kung papansinin n'yo, hindi 'yun "mga binhi" na kasunod niya, kundi "Binhi" na kasunod niya.

37 Ngayon nalaman natin na 'yung pangako, ay pinag-alinlanganan nang kaunti ni Sarah, at sinabi ni Sarah kay

Abraham na kunin nito si Hagar, na Egipciong, kabataang babae, na asawahin, at 'yun daw ang magiging paraan para palitawin ng Diyos ang ipinangakong binhi na ito.

38 Ngayon, kita n'yo, mula sa sinabi ko kagabi, alinmang paglihis mula sa orihinal na plano ng Diyos ay ginugulo ang buong bagay. Hindi tayo maaaring lumihis mula sa orihinal na Salitang 'yun. Kinakailangan na. . . Naipangusap natin 'yun kagabi, o noong isang gabi bago itong huli, ang ibig kong sabihin, tungkol kay Balaam. Natanggap niya ang tugon ng Diyos, nang diretsahan at malinaw, "Huwag kang pumunta!" Pero mayroon Siyang ipinarayang kalooban. Haya't magagawa mo ngang umiral 'yun sa paraang nais mo, at ibubunsod ng Diyos na ikarangal pa rin Niya ito, pero mangyari nga na wala ito sa sakdal na kalooban ng Diyos. At 'yun ang bagay na dapat nating pagsumikapan, ang Kanyang sakdal na kalooban, hindi ang Kanyang ipinarayang kalooban. Ang Kaharian ng Diyos, na Kanyang. . . na nasa lupa ngayon, ay. . . hindi nga kailanman maisasaayos, nang ganap, sa isang ipinarayang kalooban. Kinakailangan na babalik ito sa Kanyang sakdal na kalooban.

39 Ngayon nakita natin dito na si Sarah, matapos na sabihin ng Diyos kay Abraham na ang bata'y ipapanganak sa pamamagitan ni Sarah, na magpapala sa sandaigdigan, hayan nga't pinag-alinlanganan 'yun ni Sarah. Nais kong pansinin n'yo, hindi 'yun kailanman darating sa pamamagitan ni Abraham; bagkus sa pamamagitan ni Sarah, ang babae. At pinag-alinlanganan niya ito, at ang sabi niya, "Kunin mo si Hagar." At ayaw sanang gawin 'yun ni Abraham, pero sinabi ng Diyos sa kanya na sige lang at gawin 'yun ano't anuman. Kaya ginawa niya, nang may kaunting pag-aalinlangan. Ngayon, si Isaac, yamang ang malaya't mula sa pinangakuang babae, ay hindi maaaring maging tagapagmana kasama si Ismael, sa aliping babae, sa pag-aalinlangan.

40 Yan ang bagay na sinisikap sabihin dito ni Pablo. Kita n'yo, kung saan ang isang bagay ay pinag-aalinlanganan, at magbubunsod 'yun ng kung anong partikular na bagay ng Diyos, isang partikular na kaayusan ng Diyos, pero hindi 'yun magiging tagapagmana kasama ang orihinal na kaayusan ng Diyos. Nauunawaan n'yo ba? Kita n'yo, hindi 'yun maaaring maging tagapagmana.

41 Ngayon 'yan ang dahilan kung bakit mariin ako ngayon. At iniisip ko na ito ang mainam na panahon, dahil hindi ko alam kung gaanong katagal pa tayong magkakasama, at, marahil magagawa ko, na sa kung anong paraan ay tutulungan ako ng Diyos na ipakita sa inyo ang dahilan kung bakit mariin kong isinusuplong ang inorganisang relihiyon. Kita n'yo? Kita n'yo, hindi ito maaaring maging tagapagmana kasama ang orihinal na programa ng Diyos, dahil ang organisasyon ay hindi sa Diyos. Ito'y sa tao. Ang unang iglesya na naorganisa

kailanman, sa buong mundo, ay ang iglesyang Romano Katoliko sa Nicea, Roma. Apocalipsis 17, ang sabi, “Siya’y patotot, at ang lahat ng kanyang mga anak ay mga patotot.” At ang isang patotot ay isang babae na hindi namumuhay nang tapat sa kanyang asawang lalaki, at ang isang anak na patotot ay ganoon din. Pero, nakita n’yo, naging iglesya pa rin, ano’t anuman. Isa itong naorganisang sistema at sinisira nito ang pagkakapatiran. Sinusubukan nating iorganisa ang lahat na mga iglesya na magsama-sama. Hindi ’yun uubra; kailanman ay di ’yun umubra. Hindi ito kailanman uubra. Ang Pandaigdigang Konseho ng Mga Iglesya, sila nga’y . . . wala sila sa programa ng Diyos.

42 Ngayon sasabihin n’yo, “Sino ka, na isang tao na tatayo riyan na wala maski edukasyong pangmababang paaralan?” Hindi ’yan nagbibigay ng kalamangan, kung anuman ang edukasyon mo. Hindi ang edukasyon ko ang ipinapangusap ko rito.

43 Ang Salita ng Diyos ang ipinapangusap ko, kita n’yo. At ang mga pagpapatibay na makikita n’yo sa ministeryong ito, hindi ako ’yun, ang Diyos ito na nagsisikap na maipakita ’yun sa inyo, na ito ang Katotohanan. Ang Diyos ba’y magkakaroon ng kaugnayan sa isang kasinungalingan? Kaya hindi ako makakapayag, na maglingkod sa isang Diyos na magbabasbas ng isang kasinungalingan. Ang Katotohanan ang Kanyang binabasbasan, ang Katotohanan na Kanyang ginagalang.

44 Ngayon, si Ismael nga’y hinding-hindi maaaring maging tagapagmana kasama si Isaac, dahil ang isa’y pinasubalian nang kaunti, haya’t pinasubalian nang kaunti. Isa ’yung binhi, binhi’t binhi pa rin naman ni Abraham, pero hindi ’yun ang sakdal na kalooban ng Diyos para rito: si Ismael. Ngayon makagugugol ako ng maraming oras dito, pero umaasa ako na ipahiwatig ito ng Espiritu Santo sa inyo sa tunay na paraan kung paano dapat ito ipahiwatig.

45 Ngayon kung sila, kung si Ismael at Isaac ay di maaaring maging tagapagmana na magkasama dahil ang orihinal na plano ng Diyos ay pinalitan ng isang—isang ipinarayang kalooban ng Diyos, isang ipinarayang paraan na binasbasan ng Diyos, ay gayundin na ang espirituwal na Iglesya’y hindi maaaring maging tagapagmana kasama ang denominasyon. Ang mga denominasyon, pinagpala sila ng Diyos, gaya ng ginawa Niya kay Ismael, pero ang Espirituwal ay hindi magiging tagapagmana kasama ang iba. Ganoon nga. Magkakaroon nga, ng lalabas mula sa iglesyang denominasyon (naturingang iglesya, iglesyang natural), may lalabas na isang Nobya ni Cristo, ang Hirang.

46 Ngayon diyan, ang gumagambala sa akin sa oras na ito, ay ang makita natin ang lahat ng mga denominasyon na ito na hinihila papasok sa bagay na ito na nalalaman natin na . . . ’yang sinasabi n’yo na huling ulan, o, ang pagbubuhos

ng Espiritu. Napansin n'yo ba na sinabi ni Jesus, na, "Kapag nangyari ang bagay na ito, ito na ang wakas"? Heto, ang dalagang mangmang at ang dalagang matalino'y hindi magkasamang mga tagapagmana. Dahil heto . . . Ang mangmang na dalaga, isa siyang birhen, kulang lang siya sa Langis. Anupa't noong nagtungo siya para bumili ng Langis, 'yun 'yung oras na dumating ang Nobyo. At hindi siya naisama, habang sinusubukan niyang bumili ng Langis. Nauunawaan n'yo ba? Nais kong tumimo 'yan, nang malalim ngayon. Ngayon, mangyari nga na di na ako lalayo sa paksa na 'yan. Ngayon, ganoon din na ang Espirituwal at ang natural ay di maaaring maging mga tagapagmana na magkasama.

47 Yan ang dahilan kung bakit ang Pag-agaw, ang Nobya, ang matalinong dalaga, ang tinawag-palabas, ang paunang itinalaga, ang hirang! Aba, kayo nga na mga negosyante'y ayaw n'yong patakbuhin ang inyong opisina sa paraan na akala ng ilang tao ay sa ganoon pinapatakbo ng Diyos ang Kanyang programa, padalos-dalos. Alam na ng Diyos, bago pa itatag ang mundo, kung sino ang maliligtas at kung sino ang hindi maliligtas. Sa pamamagitan ng paunang pagtatalaga, ng paunang kaalaman, nakita na Niya ang bawat bahagi, inilagay na ang bawat pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero, bago pa nagpasimula ang Iglesya. Dumating si Jesus para hanapin at iligtas ang mga naroon sa Aklat na 'yun. Binili na Niya ang Aklat ng Pagtutubos. Nawala 'yun, at Kanyang tinubos tayo, at lahat ng mga pangalan na nasa Aklat ay tinubos noong tubusin Niya tayo.

48 Hayan nga, gaya ng sinabi ko na nang maraming beses, mapagkikilala n'yo 'yun. Yan ang dahilan kung bakit nandito kayo sa umagang ito, kung bakit lumalabas kayo mula sa lahat ng mga organisasyon na ito at mga bagay-bagay. Kayo'y . . . May kung anong Bagay na humahatak sa inyo. Gaya nung munti kong kaisipan, tungkol sa agila na napisa sa ilalim ng inahing manok, kita n'yo, mapapansin n'yo—mapapansin n'yo nga na may kung anong bagay na kakaiba. Ang—ang iglesya'y walang—walang bagay na nakakapagpakuntento. Pero, kayo, noong marinig n'yo ang isang bagay na isang hiyaw, napagkilala n'yo 'yun, na kayo'y ipinanganak para Roon. Bahagi kayo Nito. Kayo, kayo nga'y akmang-akma Rito, na parang isang guwantes sa isang kamay. Yan ang dahilan kung bakit nagkakatipon tayo rito na magkakasama sa umagang ito, ay dahil nga, gaya ng sinasabi-sabi dati ng matanda kong tubong katimugan na nanay, "ang mga ibon na pare-pareho ang balahibo'y sama-sama mismong nagtitipon," dahil may mga bagay kayo na magkakatulad.

49 Ang mga buwitre nga't mga kalapati'y walang pagkakatulad. Magkaiba ang pagkain nila, bagaman ang isang kalapati'y maaaring mapisa sa ilalim ng isang buwitre. Ganoon nga. Nakasalalay nga sa kung ano ito, sa pasimula.

Ngayon, at doon, mangyari nga, na ang—ang kalapati na 'yun ay aalagaan nun nang kaunting panahon, na tatayong nanay 'yung buwitre, pero sa huli nga'y hahanapin nito ang kanyang kapareho.

50 Yan ang ginagawa mismo ng Iglesya sa panahon ngayon, dahil si Jesus ang Salita at Siya ang Nobyo, at ang Nobya ay bahagi ng Nobyo. Kaya naman ang Salita na tutuparin sa panahon na ito ay ang siya ring bahagi ng Salita na tinupad noon sa panahon Niya, at ito'y ang siya ring Salita, siya ring karanasan, siya ring Buhay.

51 Dahil, noong inihiwalay ng Diyos si Adan, haya't kapwa siya. Nalaman natin, si Adan ay espiritu, sa pasimula. "Kanyang nilikha ang tao sa Kanyang Sariling larawan, nilikha Siya na lalaki't babae." At pagkatapos, sa Genesis 2 at pababa, Kanyang nilikha ang tao sa . . . mula sa alabok ng lupa. Ang tao ay nilikha sa larawan ng Diyos (Ang Diyos ay isang Espiritu), kaya isa siyang espiritung tao. Pagkatapos noong maging laman siya na tao, laman ng hayop sa lupa, Kanyang—Kanyang ipinapakita, inilalarawan dito ang Nobya. Hindi Siya kailanman kumuha't gumawa ng ibang nilalang, bagkus kinuha Niya ang bahagi ni Adan, ang orihinal na nilikha, kumuha mula sa kanya, ng isang tadyang mula sa kanyang tagiliran; at kinuha ang pambabaing espiritu mula kay Adan, iniwan ang panlalaking espiritu roon, at inilagay 'yun sa pambabaing bahagi. Kaya naman, ang bahagi ng kanyang espiritu, bahagi ng kanyang katawan; ang katawan ng kanyang katawan, buto ng kanyang buto; Salita ng Kanyang Salita, Buhay ng Kanyang Buhay, at ganoon ang Nobya kay Cristo!

52 Yan ang dahilan kung bakit ang Pag-agaw sa Maharlikang Binhi'y kinakailangan na mangyari unang-una. At 'yung iba pang mga patay ay di mabubuhay nang sanlibong taon, pagkatapos sila'y babangunin doon na sa Paghatol sa Puting Luklukan. Kita n'yo, walang Paghatol ukol sa Maharlikang Binhi, o sa predestinadong Binhi ni Abraham. Ngayon kung kukunin n'yo ang San Juan 5:24, pakinggan n'yo ito, "Ang dumirinig ng Aking Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan."

53 Ngayon papaano ngang iiba 'yan sa marami sa ating mga teolohiya? Ngayon makalalakad nga ako rito at masasabi ko sa isang lasenggo, "Sumasampalataya ka ba?" "Oo naman!" Sa isang lalaki na kinakasama ang asawang babae ng ibang lalaki, "Sumasampalataya ka ba?" "Oo naman!" "Naupo ka ba sa pagtitipon kagabi, para makapakinig ng Salita?" "Oo naman!" "Sumasampalataya ka ba Rito?" "Oo naman!" Sinasabi-sabi lang niya 'yun.

54 Pero ang orihinal na interpretasyon ng Salitang ito, "Ang *nakakaunawa* ng Aking Salita, at sasampalataya sa Kanya

na nagsugo sa Akin." "Ang nakakaunawa," 'yun nga'y, sa kaninuman na ipinakilala Ito.

55 Sabi ni Jesus, "Walang makalalapit sa Akin maliban na palapitin siya ng Aking Ama. At ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Aking Ama, sila'y lalapit. Ang Aking mga tupa, Aking mga kalapati, ay pinakikinggan ang Aking Tinig. Sa isang di-kilala ay di sila magsisisunod." At ano ang Tinig ng Diyos? Ang Salita ng Diyos. Ano ba ang tinig ng tao kundi kanyang salita mismo? Ito'y ang Salita ng Diyos; pakikinggan nila ang Salita ng Diyos.

56 Ang natural na binhi kung ganoon ay isa lamang tagapagdala, sa pamamagitan ni Ismael unang-una, ni Isaac sa pangalawa, pagkatapos tumugaygay sa Binhi. Gaya ng tangkay, tungkos, at talukap, ng mais. Ngayon, dito, ang tatlong yugto ng binhi'y ipinapakita sa atin ang tunay na larawan na nais kong mapansin n'yong kasama ko sa umagang ito. Makikita natin dito.

57 At yamang di ako edukado, kinakailangan kong gamitin ang mga natural na bagay na nakikita ko, para itipo sa espirituwal na mga bagay na ipinaaalam sa akin, dahil hindi ko kayang gawing malinaw ito sa inyo sa pamamagitan ng anumang gramatika.

58 At, sa kabila nun, ay tinitipo ng Diyos sa tuwina ang espirituwal sa natural. Kung walang Biblia, ay malalaman ko pa rin na ang Cristianismo ay tama, dahil ang buong mundo'y umiinog sa kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli. Kumikilos ang kalikasan sa kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli.

59 Tingnan n'yo ang dagta ng puno, kung papaanong pinausbong nito ang dahon, at ang bunga, tapos bababa; bumabalik sa ilalim ng lupa sa panahon ng taglamig, nagtutungo mismo sa ilalim ng damuhan; babalik muli sa tagsibol, na may bagong buhay. Bawat taon, nagpapatotoo na may isang buhay, may isang kamatayan, may isang pagkabuhay na mag-uli.

60 Sumisikat ang araw sa umaga, isang munting bata ito na kapapanganak pa lang, mahina pa. Mga alas siyete o alas otso, nagsisimula nang mag-eskuwela. Mga alas diyes o alas onse, nasa kolehiyo na. Pinasisinag nito ang lakas nito, mula alas onse hanggang alas tres, tapos magsisimula nang humina. Sa gabi lulubog na, pahina na, isa nang matanda. Yun na ba ang wakas nito, na mamamatay ito? Hindi. Sisikat ito muli kinaumagahan. Kita n'yo?

61 Ang buong kalikasan, ang totoo n'yong tunay na Biblia na sumasaksi sa Bibliang ito! At 'yan ang bagay na sinisikap kong ipakita sa inyo sa umagang ito ngayon, na sa pamamagitan ng kalikasan ay makikita n'yo ang Salita ng Diyos, nakadibuho sa—sa Salita ng Diyos, dahil ang kalikasan ang pagkakaayos ng Diyos.

62 Gaya ng siyensiya, natutuklasan nila ang mga mekanismo't mga batas ng kalikasan, pero hindi nila alam kung ano ang kalikasan na 'yun. Hindi nila alam ang Buhay ng kalikasan. Ang Diyos 'yun. Kaya, ang mekanismo na wala ang dinamiko ay walang katuturan.

63 Ngayon, ang tangkay, tungkos, at talukap, pansinin n'yo. Si Hagar dito'y nirerepresenta ang tangkay, yaong unang buhay na nagpaumpisa sa pangako. Si Sarah ang rumerepresenta sa tungkos, o sa polen, na tumutugaygay sa tungkos. Si Maria, na birhen, ang nagrerepresenta at nagluwal sa tunay na espirituwal na Binhi, para isilang ang totoo't tunay na tangkay. Si Hagar at si Sarah, ay parehong sa pamamagitan ng seksuwal. Pero si Maria, na birhen, ay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng ipinangakong Salita ng Diyos, sa pamamagitan ng birheng kapanganakan. Isinilang niya ang tunay na Binhi. Ang tangkay, ay si Hagar, ang ikalawang asawa, dahil sa pagdududa sa pangako, ay kumilos nang may pagdududa, nang kaunti.

64 Umaasa ako, nawa'y tulungan tayo ng Diyos. Hindi ko. . .Nais kong makita n'yo ito, nang maigi. Hindi n'yo maaaring pasubalian Ito maski kaunti. Kinakailangan n'yo Itong tanggapin nang kung ano mismo Ito. Hindi Nito kailangan ng kapaliwanagan. Sinasabi ng Biblia na, "Ang Salita ng Diyos ay hindi sa pansariling kapaliwanagan." Hindi kailangan ng Diyos ng anuman sa mga paaralan natin para ipaliwanag ang Kanyang Salita. Yaong pagpapatibay Niya mismo Rito at pagbibigay-buhay Niya Rito, 'yun ang kapaliwanagan Nito. Noong sabihin ng Diyos, "Magkaroon ng liwanag," nagkaroon ng liwanag. Hindi na nun kailangan ng kapaliwanagan. Noong sabihin Niya, "Isang birhen ang magdadalan-tao," ang birhen nga'y nagdalan-tao. Hindi nito kailangan ng kapaliwanagan.

65 Hindi natin kailangan ng lahat ng ito, itong mga seminaryo't mga bagay-bagay na nagbunsod sa mga tao, "Buweno, nakuha *namin* ang interpretasyon. Nakuha *namin* ang interpretasyon."

66 Ang Diyos Mismo ang nagbibigay interpretasyon sa Sarili Niyang Salita. Hindi Niya kailangan ng sinuman para ipaliwanag pa ito para sa Kanya. Nagsasabi Siya, "Mangyayari ang ganito," at nangyayari nga. Sinabi Niya na sa huling mga araw ay Kanyang ibubuhos ang Kanyang Espiritu, Kanya nga mismong ginawa ito. Wala akong pakialam kung anuman ang sinabi ng mga denominasyon, Kanyang ginawa ito, ano't anuman, dahil nga sinabi Niya na Kanyang gagawin ito. Kaya, di Nito kailangan ng kapaliwanagan, dahil ang Diyos ang gumagawa ng Sarili Niyang kapaliwanagan.

67 At itong mga bagay na nakikita n'yo, na mukhang mahiwaga sa inyo ngayon, kung inyo ngang. . .Naaalala n'yo ang pagmiministeryo n'yo, kayo na mga Pentecostal, noong mga tatlumpu o apatnapung taon ang nakararaan, sobrang

mahiwaga nga ang dating nun sa—sa iglesyang Methodist at Baptist, kung papaano nga Ito sa inyo sa panahon ngayon. Pero ngayon saliksikin n'yo Ito sa Salita. Sinisikap kong ipakita sa inyo gaya ng kung papaanong sinikap n'yo noon na ipakita sa kanila. At kaya naman kung ang Diyos ay babaling at magsasabi na Ganito nga, sa Salita, tapos kukumpirmahin Ito, 'yun mismo ang Sariling interpretasyon ng Diyos. Hindi n'yo na kailangan ng sinuman para magpaliwanag sa inyo.

68 Ngayon, si Hagar, sa pamamagitan ng "kaunti"! Alalahanin n'yo, hindi kayo puwedeng mag-alis ni isang Salita mula Roon. Haya't sinabi ni Jesus, sa Apocalipsis, sa pagtatapos ng Aklat. At doon sa pasimula ng Aklat, ang sabi ni Cristo, "Sinumang tao na mag-aalis ng isang Bahagi mula sa Salita na 'yun!" Isang Salita lang na mali ang pagkakapaliwanag, ay nagdulot ng karamdaman, kamatayan, na nararanasan nga natin. Buweno, kung ang Diyos, Na banal, ay tumingin sa ibaba; at nabunsod itong lahat na mga kaguluhang ito sa pamamagitan ng kaunting maling interpretasyon ng isang Salita, at kung anu-ano pang munting bagay na laban sa kataas-taasang Salita na nagdulot ng lahat ng kaguluhan na ito; at nung paghihirap, pagbubo ng dugo at kamatayan ng Kanyang Sariling Anak, para ipagkasundo pabalik ang kakila-kilabot na bagay na ito pabalik sa Kanya; haya't papaano nga tayo makakapasok sa pamamagitan ng anumang bagay maliban sa sumunod sa buong Salita?

69 "Buweno," sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, sa Genesis 'yan." Kuha ko 'yan, kita n'yo.

70 Pero hayaan n'yong sabihin ko sa inyo, sa Apocalipsis, na huling bahagi ng Aklat. "Sinuman ang mag-alis ng isang Salita mula sa Aklat ng propesiyang ito, o magdagdag ng isang salita Rito, ang kanyang bahagi ay aalisin mula sa Aklat ng Buhay."

71 Ang sabi ni Jesus, sa gitna ng Aklat! Hayan nga na may tatlong saksi: ang Genesis, ang Bagong Tipan, at ang panahon ngayon. Sinabi ni Jesus, "Hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos."

"Buweno, hindi 'yan ang ibig Niyang sabihin."

72 Ang kausap Niya'y mga tao na mga teologo, mga matataas. Ang mga saserdote na 'yun, ang lolo ng lolo ng lolo ng lolo ng lolo ng lolo nila'y mga saserdote nga. Ang mailihis nga ang isang Salita Nito, aba, 'yun nga'y ganap na parusang kamatayan. Babatuhin sila, dahil sa isang Salita lang na nalaktawan. Pero mali nga ang kanilang pagpapaliwanag Dito. Kaya naman noong ang Salita Mismo; noong ipangako ng Diyos na ipapadala ang Mesiyas, at ipinadala Ito sa mismong basahang lampin na ipinangako Niya na pagdadatingan Nito, mayroon silang ibang lampin para Ito'y mabalot.

73 Hayaan n'yong sabihin ko ito: Ganoon din sa panahon ngayon, kaya naman di nila makuha-kuha Ito! Wala kasi Ito

sa paglalampin ng denominasyon o pagka-intelektuwal. Nasa paglalampin Ito ng kapangyarihan at pagkabuhay na mag-uli, at kahayagan ng bumangong si Cristo, sa paraan na ipinangako Ito ng Diyos, at hindi sa paglalampin ng hinuha ng mga tao ukol Dito.

74 Ngayon, si Hagar, sa pamamagitan ng isang munting kaibhan, sa udyok ng babae, hindi sa kagustuhan ni Abraham noon. Ayaw itong gawin ni Abraham, pero pinahintulutan siya ng Diyos na gawin ito dahil siya . . . Katulad nga, noong Kanyang pahintulutan si Balaam na pumunta. Ngayon pansinin, sa pamamagitan ng kaunting pagpapasubali Rito, isinilang ng babae si Ismael, na isang barbaro, hindi pasakop. Nabubuhay siya sa pamamagitan ng kanyang busog. Isa siyang barbaro. Nananatili siyang ganoon, mapasa hanggang ngayon.

75 Ngayon si Sarah, ang tungkos, o polen, si Sarah, ang tunay na asawa ng pangako, ay nagsilang ng isang ginoo, bilang sukli ay inilabas ang ipinangakong bansa.

76 Ngayon, pero, si Maria, walang seksuwal, bagkus ay sa pamamagitan ng isang pangako, gaya ni Abraham na natanggap ang pangako mula sa Diyos, ang Salita ng Diyos, anupa't sinampalatayanan ang pangako, "Narito ang alipin ng Panginoon," kita n'yo, hindi tangkay ang isinilang, kundi ang orihinal na Binhi, dahil Siya ang Salita na sinampalatayanan ni Abraham at sinampalatayanan ni Maria.

77 Ngayon, hindi si Maria ang Binhi, siya lamang yaong talukap nung Binhi. Yung dalawang iba pa'y mga tagapagdala ng buhay, para dun sa natural na binhi lamang. Hindi si Maria ang Binhi, mismo; pero gaya nga sa Salita ng Diyos, ay nagdala mismo ng isang mas tunay na larawan ng Salita, dahil Siya yaong Salita. Pero gaya ng talukap, ang . . . ng isang trigo, isang butil ng trigo, hinahawakan ng talukap 'yung trigo sa loob nun at prinoprotektahan ito hanggang sa ito'y may kakayahan na o husto na sa gulang para makapagsarili. Kita n'yo? Kung ganoon, ang Binhi nga Mismo'y umalis sa kanya. Katulad mismo, na ang Binhi ay nasa kanyang sinapupunan, pero hindi siya ang Binhi. Hindi siya ang gumawa ng Binhi. Ang Diyos ang Binhi.

78 Ngayon, ang dugo kung ganoon, iniisip ng maraming tao na sa dugong Judio tayo naligtas. At ang ilan sa kanila ay nagsasabi, "Buweno, nagkaroon tayo ng karapatan sa pamamagitan ng mga Gentil, dahil si Rahab na patotot at—at si Ruth na Moabita, at kung sino pa, sila'y mga Gentil." Wala kayong karapatan dun, wala kahit sa isa roon. Siya'y hindi Judio ni Gentil.

79 Siya ay Diyos, ang Logos, ang Salita na umusbong mula sa Diyos. Noong, sinimulan Nitong liliman ang lupa, at nagpausbong Ito ng mga lamang-dagat. Noong ang Espiritu ng Diyos, ang Logos, ang Salita, noong sabihin mismo ng Diyos, "Magkaroon," at lumabas ang Logos, na yaong Salita. At ang

Salita'y nagsimulang. . .dahil ang lahat ng ito'y nasa Logos; ang buong Salita ng Diyos, ang buong Biblia, para sa bawat kapanahunan. At noong nagsimulang hingahan ng Logos ang lupa, lumabas ang mga lamang-dagat; at umusad pa sa mas mataas, mga buhay-ibon, hanggang sa buhay-hayop. At sa huli'y dumating sa representasyon, o kamukha nung bagay na bumababad dito, o lumilim dito, ang Diyos, isang tao na nasa mismong larawan ng Diyos.

80 Nahulog ang tao, gaya ng binhi na kailangang mahulog. At pagkatapos ang Diyos ay nagsimulang lumilim doon, pagkatapos ng pagkahulog na 'yun. Pinausbong Niya ang isang—isang Enoc, pinausbong Niya ang isang Elias, pinausbong Niya ang isang Moises, nagpausbong Siya ng sunud-sunod na propeta, na sinisikap na ipanumbalik ang naturang larawan muli. At, sa wakas, sa mismong ibabaw ng lupa'y dumating muli ang tunay na larawan ng Diyos Mismo, na siyang Diyos, ang Logos na nagsalaman at nanahan sa kalagitnaan natin.

81 Ngayon ang siya ring Logos ay may isang bahagi, mayroon siyang isang Nobya, at ang siya ring Logos, ang Salitang ito na di maaaring pakialaman, at lumililim sa mga kaiglesyahan ngayon, na sinisikap na ipanumbalik ang Salita sa ganap Nitong kahayagan. Na, ang mga—ang mga propeta'y tagapagdala sa Binhi na 'yun, at ang mga iglesyang denominasyon ay mga naging tagapagdala ng Binhi ngayon. Ngayon pansinin, dagli, pero gaya nga na niyayakap ng talukap, dinadala sa loob nito ang Binhi ngayon, pagkatapos nga'y lilisanin nito ito.

82 Si Jesus ay Diyos. Siya nga. Ang Kanyang Ama ay ang dakilang Logos Mismo. At hindi Niya maibubuhos Itong lahat kay Moises, dahil siya'y isang propeta.

83 At ang Salita ng Panginoon sa tuwina, na di nabibigo kailanman, ay dumarating sa propeta. Walang dako, walang panahon, sa Biblia, o mula noon sa Biblia, na ang tamang interpretasyon ng Salita ay dumarating sa isang teologo. Walang ganyan sa Mga Kasulatan. Ni sa mga Fariseo man, ni sa mga Saduceo, at kailanman nga'y hindi nagpabangon ang Diyos ng isang propeta mula sa alinman sa kanila, at ganoon din na di Niya kailanman gagawin 'yun sa huling mga araw na ito.

84 Mangyari nga na sa pagbangon na pagbangon nila, nagsasama-sama sila't gumagawa ng isang organisasyon mula rito, na doon nga'y namamatay ito. Pero may layunin nga kung bakit ginawa Niya ito. Sisikapin nating ipaliwanag 'yan, tulungan nawa tayo ng Diyos. Pansinin, tingnan n'yo rito kung papaanong ang lapit niya, ang iglesya, ang binhi ngayon, na nagmumukhang 'yung Binhi Mismo.

85 Ngayon pansinin n'yo, kapag naibaon ang binhi roon sa lupa, heto nga ang orihinal na binhi. Sa pag-usbong nito, nagdadala ito ng buhay. Pero ano ang ginagawa ng buhay mula sa isang

binhi ng trigo? Hindi nun pinauusbong ang siya ring tangkay ng trigo kaagad, o ang butil na mismo ng trigo. Ito'y buhay ng trigo, pero nasa yugto pa ng isang tagapagdala. At 'yun ang unang repormasyon, noong si Luther ay lumabas mula sa kadiliman ng kaguluhan. Kinailangan itong mamatay.

86 Maraming pagkakataon, na ang mga tao'y nagsisimpatya. Oh, hayan nga't nakabasa ako ng aklat di pa katagalan, tungkol sa, *The Silent God*, na bigay ng ilan sa mga modernong tagapagtaguyod ng pilosopiya na tinatangka kayong ibaling palayo sa Diyos. Kung di n'yo alam ang Salita ng Diyos at ang plano ng Diyos, madali kayong maliliglig. Pero kapag nakikita n'yo ang plano ng Diyos, ang Kanyang programa, hayan nga na sa pamamagitan ng pananampalataya ay mapagkikilala mo na ito ang Diyos; at ipinapakilala ng Diyos ang Kanyang Sarili, na ginagawa ang bagay na ginawa Niya sa—sa ibang panahon, naglalakad, nagpapatunay.

87 Yan ang dahilan kung bakit hindi maliglig si Moises. Nakausap niya ang Diyos nang harap-harapan, at sinabi sa kanya ng Diyos, "Ako Yaong kasama ni Abraham noon. Ako Yaong nagbigay ng pangakong ito. Ako'y sasainyo." Papaano n'yo mapapahinto ang taong 'yun kung ganoon?

88 Gaya ng sinabi ng propeta ng sinaunang panahon, "Kapag ang leon ay aatungal, sino ang hindi baga't matatakot? At kapag ang Diyos ay nagsalita, sino ang hindi baga't magpropropesiya?" Kapag nakikita natin ang mga bagay na ipinangako ng Diyos sa oras na ito, nakikita ito na nalaladlad, papaano ka nga makakatayo nang tahimik lang kapag nakita mo mismong ganoon ang Kanyang pamamaraan? Na ang bagay na bigkasin Niya, nangyayari. Nakikita ang lahat ng mahihiwagang bagay, na anupa't ganoon mismo ang pagkakasabi ng Diyos na ito'y mangyayari.

89 Ngayon pansinin, "ang babae," ang tagapagdala. Ngayon, si Hagar ay umusbong bilang isang tangkay, at pagkatapos dumating ang polen, at pagkatapos dumating ang talukap, at pagkatapos dumating ang Binhi. Ngayon masdan n'yo itong mga tagapagdala, nais kong makita n'yo, muna.

90 Ngayon, 'yung tangkay ay hindi man lang kamukha nung Binhi, pero 'yung Buhay na nasa Binhi ay nasa tangkay. Yun si Luther. Ngayon, maraming dahon 'yung munting tangkay; umusbong mula kay Luther, patungo kay Zwingli, at tumugaygay kay Calvin at marami pang iba.

91 Ngayon pansinin, hayan nga, nagbago ito ng posisyon. Masdan n'yo ang kalikasan ngayon, na namumuo patungo sa Salita ng Diyos, gaya ng araw: kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli. Pagkatapos dumating ang polen, 'yun si Wesley. At mula roon ay 'yung maraming maliliit na mga polen na nakakabit doon, na aktuwal na mas kamukha nung

Binhi kaysa roon sa dahon, sa trigo o sa mais. Mas kamukha; dahil, kamit ni Wesley ang ikalawang Salita, ang ikalawang Salita ng Diyos, habang iniaangat ng Diyos ang Kanyang iglesya, tumutugaygay roon sa pagpapaging banal. Yun ang mensahe ni Wesley. Buweno.

92 Pagkatapos, mga ilang panahon pa, iniwan ’yun at nagtungo sa tangkay uli, at nagpausbong ng puso ng mais. Pero bago magpasimula itong puso, mayroon munang ipa, talukap, balat, upak. At sinumang nagsasaka ng trigo, nagsasaka ng mais, kung hahalukayin n’yo roon at bubusisiin ’yung puso ng mais o talob ng trigo, maiisip n’yo nga na ’yung munting—’yung munting unang bagay ay ’yun na ’yung butil ng trigo. Pero, ngayon, hayan ang kapanahunan ng Pentecostal. Ngayon hindi n’yo, kayo, sinumang teologo o . . .

93 Sinumang mananalaysay ng kasaysayan, ang ibig kong sabihin, ay nalalaman na ’yun ang mga kapanahunan, ’yung paraan ng pagdating nila. Kunin n’yo ang—ang Aklat ng Apocalipsis, kunin n’yo ang mga kapanahunan ng iglesya, at tingnan n’yo kung hindi ba’t ’yan ’yung paraan na nalalantad sila.

94 Ngayon, mula kay Wesley ay lumabas ang Pilgrim Holiness, mga Nazarene, at lahat sila na maliliit na mga holiness na kaiglesyahan, na mas malapit sa Salita kaysa sa repormasyon noon ng Lutheran. Pero, nakita n’yo, noong maorganisa ang Lutheran, ’yun ang nagpasimula nung mga dahon. At noong dumating ito, ang buong Espiritu’y umalis sa iglesyang Lutheran na ’yun, buo mismo’t natira ang pagkadenominasyon, at ang tunay na totoong mga mananampalataya’y tumugaygay sa pagpapaging banal.

95 At pagkatapos noong umusad ang pagpapaging banal, ang Pilgrim Holiness, at iba pa, at ang lahat na mga organisasyong holiness, mga Nazarene, at iba pa, umusad Ito mula roon, patungo sa kapanahunan ng Pentecostal. Haya’t tingnan n’yo ang munting butil na ’yan ngayon, ng trigo, milyong beses na mas nagmumukha nang ’yung orihinal na trigo, na ipinunla noon sa lupa, kaysa roon sa tangkay o doon sa polen. Pero kung mauupo kayo, ilalagay ’yun sa ilalim ng mikroskopyo, at bubulatlatin ’yung munting mga talukap, haya’t mga tagapagdala rin sila. Hindi pa nagpapasimula ang butil. Munting kapiranggot na usbong pa lang ang nandun, na gamit ang malaki’t malakas na uring mikroskopyo’y makikita n’yo ’yung munting tulis nun, na parang dulo ng aspili, doon nga uusbong ang binhi. At itong narito na talukap na kamukhang-kamukha nung tunay na bagay, hindi pa ’yun ang tunay na bagay. Sinapupunan lang ’yun.

96 Gaya nung sinapupunan ni Maria. Hindi si Maria ang Binhi, sa representasyon dito nung tangkay. Siya’y tagapagdala lang

Nito, gaya nung iba pa nito. Pero yamang tinawag at piniling una, ng Diyos Mismo, para sa layunin na ito, mas mukha nga gaya ng iniisip ng mga Katoliko nating mga kaibigan, na siya raw ang ina ng Diyos. Hindi, hindi siya ang ina ng Diyos, ni hindi siya ang Binhi ng Diyos.

97 Nagpapalabas ang babae ng itlog. Ang Diyos ay nagpapalabas ng—ng buhay. Ang hemoglobin, ang dugo, ay nasa lalaking kasarian.

98 Ang inahin ay may kakayahang mangitlog o ang isang ibon ay may kakayahang mangitlog, sa panahon ng tagsibol sa paggawa nito ng pugad, pero, kung ang babaing ibon na 'yun ay di nakiniig sa lalaking ibon, hindi mapipisa ang itlog. Patay 'yun. Mabubulok nga ito sa loob ng pugad.

99 Gaya ng madalas kong sinasabi, 'yan ang problema sa mga kaiglesyahan sa panahon ngayon, nabubulok sila sa pugad, na mga tinatawag na Methodist, Baptist, mga Pentecostal, at kung ano pa. Kung di sila magkakaroon ng kaugnayan sa Salita, Mismo, sila'y mabubulok sa pugad, sa kanilang organisasyon.

100 Ngayon, ngayon sasabihin ng ilan sa kanila, 'yung Protestante nga'y higit-kumulang ay naniniwala na si Maria ang nagpalabas nung itlog. Kung ganoon 'yun, tingnan n'yo kung ano ang iminumungkahi n'yo na ginagawa ng Diyos na Jehovah. Ang itlog ay di maaaring lumabas ng walang sensasyon.

101 Kaya, nakita n'yo, ginawa ng Diyos kapwa ang itlog at ang binhi, nilikha Niya kapwa sa sinapupunan ni Maria. At ang Lalaki na 'yun ay walang iba kundi Diyos Mismo na nagsalaman at nanahan sa kalagitnaan natin, ang Emmanuel, hindi basta kalugud-lugod na tao, isang propeta; Siya'y kalugud-lugod na Tao at Propeta; hindi isang guro, isang teologo. Oh, maaaring Siya—maaaring Siya ang lahat ng 'yun; Siya ang Lahat-Lahat. Pero higit sa lahat, Siya ang Diyos Mismo. Ang sabi ng Biblia, "Naligtas tayo sa pamamagitan ng Dugo ng Diyos." Ang Diyos Mismo, hindi isang ikatlong persona o ikalawang persona. Ang Persona, ang Diyos Mismo, ang dakilang si Jehovah, ay nililiman si Maria; at ang Manlilikha, ay nilikha Niya kapwa ang selyulang dugo, ang buhay, at maging ang itlog.

102 Kung makukumbinsi n'yo ang isang Judio na makita 'yan, inyong . . . kilala nga niya kung Sino ang Mesiyas. Noong si John Rhyn ay pinagaling doon sa Benton Harbor, apatnapung taon na siyang bulag. Tinanong ako nung rabi na 'yun, ang sabi niya, kinapanayam niya ako, ang sabi niya, "Hindi n'yo mahahati-hati ang Diyos sa tatlong bahagi at ibigay Siya sa isang Judio."

103 Sabi ko, "May ilan na ganoon ang ginagawa. Pero hindi namin hinahati-hati ang Diyos sa tatlong bahagi." Sabi ko, "Naniniwala ba kayo sa mga propeta?"

"Oo naman, naniniwala ako sa mga propeta," sabi niya.

104 Sabi ko, "Sino ang tinutukoy ni Isaias, sa Isaias 9:6, 'Sa atin ay ipinanganak ang isang Sanggol'?"

Sabi niya, "Siyanga't, ang Mesiyas 'yun."

105 Sabi ko, "Ano ang magiging relasyon ng Mesiyas sa Diyos?" Yun nga ang tumuldok dun. Sabi ko, "Ngayon . . . "

Sabi niya, "Siya'y magiging ang Diyos."

106 Sabi ko, "Tama mismo. 'Ang Kanyang Pangalan ay tatawaging Tagapayo, Pangulo ng Kapayapaan, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama.'"

107 Diyan nga namintis ang Oneness, diyan namintis ang Trinity, ang parehong panig ng kalsada. Pero ang mainam na katamtaman ay nasa gitna. Kung ang Diyos ay ang Sarili Niyang Ama, kung si Jesus ay ang Sarili rin Niyang Ama, hindi nga maaari Siya. At kung Siya'y may ibang Ama maliban sa Diyos, at sinabi ng Biblia na ang "Espiritu Santo" ang Kanyang Ama, at kung dalawang espiritu ito, isa Siyang ilehitimong anak. Ganoon nga. Sino ang Ama Niya, ang Diyos ba o ang Espiritu Santo? Sabihin n'yo ang isa riyan at tingnan n'yo kung gaano nga kayong mapapahiya. Ang Diyos ang Kanyang Ama. Tama ba?

108 Mateo 1:18, ang sabi Niya.

> *Ang pagkapanganak nga kay Jesus Cristo ay ganito: Nang . . . si Maria na kaniyang ina ay mag-aasawa kay Jose, bago sila magsama, ay nasumpungang siya* ay *nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo.*

109 Ngayon Sino ang Kanyang Ama? Kita n'yo, nakita n'yo ang ibig kong sabihin? Pansinin.

> *. . . si Jose na kaniyang asawa, palibhasa'y lalaking matuwid . . . ayaw na* ihayag *sa madla ang kaniyang kapurihan, ay nagpasiyang hiwalayan siya ng lihim,* sa bagay na ito.
>
> Narito, *samantalang pinagiisip niya ito, . . . ang isang anghel ng Panginoon ay napakita* sa *kaniya sa panaginip, na nagsasabi, Jose, anak ni David, huwag kang mangamba sa pagtanggap* sa iyong *. . . kay Maria na iyong asawa: sapagka't ang kaniyang dinadalang-tao ay sa . . .* [Sinasabi ng kongregasyon, "*. . . Espiritu Santo.*"—Pat.]

110 Akala ko ba ang sabi nila, "Ang Diyos Ama ang Kanyang Ama"? Oh, mga teologo, nasaan ang kaunawaan n'yo?

Pansinin, "Magliliwanag sa oras ng gabi!"

111 Ang tunay na Binhi ay isisilang ni Maria, pero hindi niya 'yun Binhi. Pangako 'yun ng Diyos, na ang sabi niya, "Narito ang alipin ng Panginoon." Ang mga tagapagdala ng buhay ay kababaihan. At ngayon, si Maria, ang Binhi ay lubos na malapit na malapit.

112 Kinailangang tanggapin 'yun ni Hagar sa isang binaluktot na paraan. Si Sarah, sa pag-aalinlangan sa bagay na 'yun, ay nag-usbong lamang ng isang natural na binhi, sa seksuwal na pagnanasa. Pero si Maria, ay wala ngang seksuwal na anuman, sinampalatayanan ang Salita, at ang Salita ay nagsalaman.

113 Pero pansinin, si Maria sa pagiging malapit na malapit, dinala niya ang Binhi sa kanyang sinapupunan, at mukha ngang kanyang Binhi 'yun. At ganoon din ang mga Pentecostal. Papalapit na ako sa tinutumbok ko. Pero alalahanin n'yo, ang sabi ni Jesus, sa Mateo sa ika-24 na kabanata, ika-24 na talata, "Sa mga huling araw, ang dalawang espiritu . . . " Hindi noong mga sinaunang araw, mismo. "Sa mga huling panahon, ang dalawang espiritu ay magiging magkalapit na magkalapit na dadayain nito ang mismong hirang kung maaari." Pentecostal na espiritu, na halos kaparehong-kapareho sa tunay na bagay, ganoong kapareho na dadayain nito ang mismong hirang kung maaari.

114 Ngayon, hindi ko 'yan sariling salita. Yan mismo ang sinabi Niya. Ngayon, maya-maya, marahil makakakuha kayo ng kaunawaan sa bagay na sinisikap kong ipangusap. Ngayon 'yung Binhi nga'y nagmumukhang . . .

115 Yung talukap na 'yun ay mas nagiging kamukha nung Binhi, na higit pa kaysa dun sa polen, at higit pa dun sa tangkay, pero ang mga 'yun ay tagapagdala lang ng Binhi. Kita n'yo, nag-organisa ang Lutheran, namatay ang tangkay; nag-organisa ang Wesleyan, namatay ang polen; nag-organisa ang Pentecostal, namatay ang buhay. At ngayon lumabas na ang Binhi. Hindi na kayo makauusad pa lampas sa Binhi.

116 Pansinin, sa lahat ng mga taon na ito, kapag may dakilang kilusan na babangon, agad-agad pagkatapos ay nagiging isang organisasyon ito. Mga tatlong taon ang haba na itinatagal ng rebaybal, pagkatapos kanilang oorganisahin ito, gagawa ng isang organisasyon. Marami nga ang umuusbong-usbong mula rito; katulad na marami ang umusbong mula sa Lutheran, na mga dahon; at marami mula sa polen, sa Wesleyan; at umuusbong ang Pentecostal na mga dahon, oneness, twoness, threeness, fourness, fiveness. Oh, kahabagan! Kita n'yo?

117 Pero, pansinin n'yo, dalawampung taon ng kahayagan ni Jesus Cristo! Wala ni isang organisasyon ang naitayo, at wala ni isa ang maoorganisa; mamamatay at mamamatay ito gaya ng bawat latter rain na pagkilos, at lahat ng iba pa. Ito na ang huling panahon, ang Binhi, at hindi ito magiging tagapagmana kasama ang talukap, kung papaano nga na si Ismael ay hindi tagapagmana kasama si Isaac.

118 Nakita n'yo rito ngayon kung gaanong kalapit niya, masyadong malapit na makapandadaya. Si Luther, ang tangkay; si Wesley, ang tungkos; at si Maria, ang talukap, o ang

sinapupunan, o Pentecostal. Maaari pa nga akong magpakalalim dito sa talukap, at para maipakita sa inyo nang husto. Sa pagtugaygay ng kapanahunan, hindi nga 'yun kailanman dumating na sobrang malapit na malapit hanggang mismo ngayon. Ang lahat ay ang iglesya, ang *iglesya*, kita n'yo, ang "babae."

119 At pansinin, isa 'yung "babae," sa pasimula, na pinag-alinlanganan ang orihinal na pangako. Hindi 'yun Diyos na binawi ang Kanyang Salita. Hindi binabawi ng Diyos ang Kanyang Salita ngayon; Kanyang pinagtitibay mismo ang Kanyang orihinal na Salita! Pero ang sabi ni Sarah, "Siguro, marahil; habang tayo'y naghihintay."

120 Yan ang problema sa mga tao sa panahon ngayon, sinusubukan n'yong umakyat sa kung anong bagay na hindi n'yo alam kung anong inaakyat n'yo. Papaano n'yo magagawa 'yun maliban na lang kung alam n'yo mismo ang ginagawa n'yo? Naglalakad ba kayo nang nakapiring? Sinusubukang umakyat sa isang bagay na hindi n'yo alam ang ginagawa n'yo, haya't mahuhulog talaga kayo. "Kung pangungunahan ng bulag ang bulag, kapwa sila mahuhulog sa hukay," sinipi ni Jesus ang kataga na 'yan.

121 Pero ngayon narito na tayo sa panahon ng Binhi. Ngayon dadalhin ng Binhi, (Ano?) susuportahan, itataguyod ang Binhi na nagdadala Rito. Inilagay 'yun dun para sa layunin na 'yun, dalhin Ito.

122 Dahil, kung papaano na sumisikat ang araw sa maagang tagsibol, sinisikatan ang trigo, masdan n'yo ang buong kalikasan sa paggulong ng panahon, sa paggulong ng buong araw, ang lahat ay gumugulong nang sadyang perpekto, sa Diyos. Ngayon kapag ang mainit na araw ay magsisimulang suminag sa binhi, umuusbong 'yun. Pero kinakailangan na ang mundo'y nasa isang partikular na posisyon para pausbungin ang binhi na 'yun mula sa lupa. Kinakailangan na suminag 'yun sa direksyon na *ito*, at makadako sa isang partikular na posisyon para pausbungin ang binhi na 'yun. Kinakailangan na dumaan 'yun sa direksyon na 'yun, para pausbungin 'yun palabas ng...sa madilim na kapanahunan.

123 May ilang tao...itong kritiko na ito na sinabi ko na sumulat ng aklat, *A Silent God*, ang sabi niya, "Sa buong madidilim na kapanahunan, ang mga kaawa-awang mga martir ay namatay, nabuwal sila, sila na mga Cristiano, at nakaupo lang ang Diyos sa Langit na para bang wala Siyang malasakit." Aba, ang kaawa-awa na walang kaalam-alam, na bulag, bulag sa espirituwal na lalaki, kung nabuksan lang sana ang mga mata niya! Hindi n'yo ba alam na ang binhi ay kinakailangang maibaon sa lupa, para mamatay at mabulok, bago ito makausbong muli?

124 At ang iglesya ng pentecostes ay namatay, noong sinaunang iglesyang Katoliko. At kababalik pa lang niya sa anyo ng tangkay, pero makikita n'yo kung papaanong unti-unti siyang nagpoporma, sa bawat isa, noong kapanahunan ng Lutheran, Wesley, Pentecostal? Nauunawaan n'yo po ba?

125 Ngayon kinakailangan Nitong makapanumbalik sa orihinal na pagmiministeryo na mayroon Siya noon sa lupa, dahil ang Nobya 'yun. Isa sila. Ngayon ipinangako Niya, sa huling mga araw, kung papaano mangyayari ang mga bagay na ito. At nakikita natin ang mga bagay na ito na nangyayari na, gaya ng lahat na mga pangakong ito, Malakias 4, San Lucas 17:30. Oh, ilan pang Mga Kasulatan, walang katapusan nga ito kung tutugaygayin isa-isa!

126 At, oh, kinakailangan ko nang huminto, dahil atrasado na. Opo. Sige po, sabihin n'yo—sabihin n'yo sa kanila, tingnan n'yo kung maaayos na nila . . . Sabihin n'yo sa kanila, kita n'yo, at pagkatapos lumapit kayo sa akin at sabihin. Ngayon, pansumandali lang po. Nais ko pong masabi ito, talaga, kita n'yo. Nais kong—nais kong makita n'yo ito, talaga. Tingnan n'yo, si Jesus . . . Pansinin, kita n'yo, ang Nobya.

127 Mangyari pa rin, masusumpungan natin, sa kapanahunan na ito na kinabubuhayan natin ngayon, kita n'yo, na ang sinapupunan, ang Pentecostal na organisasyon, ay kamukhang-kamukha nung tunay na bagay mismo. Pero napansin n'yo ba, sa Apocalipsis 17, ang tawag dun sa iglesyang Romano Katoliko, ang unang organisasyon, isang "patotot"? Ilan ang nakakaalam na totoo 'yan? Ilan ang nakakaalam na siya ang ina ng mga patotot? Ano ang imoral na babae? Ngayon, ang sabi Niya'y ang babaing ito ang "iglesya." Ano ang patotot? Isa 'yung babae na di tapat sa kanyang panata sa kasal. Ano ang isang patotot? Pareho lang, parehong salita.

128 Ngayon, nanganak siya. Anong klaseng panganganak? Hindi sa Salita, kundi sa organisasyong panganganak. Heto ang Methodist, Baptist, at mga Pentecostal, at nakuha nilang lahat ang ugali't gawi ng kanilang nanay. Anumang masamang babae sa California ay makakapanganak ng isang babaing birhen; at 'yan ang dahilan kung bakit ang unang mensahe'y lumabas, pero noong ang katotohanan ay iprinesenta sa kapanahunan ng Lutheran, 'yung pagpapaging banal, hindi niya 'yun matanggap-tanggap. Noong ang bautismo ng Espiritu Santo ay ipinermiso, iprinesenta sa mga Methodist, hindi nila ito matanggap-tanggap. At ngayon, noong ang panahon ng Binhi'y umusbong sa Pentecostal, hindi niya Ito matanggap-tanggap, siya'y naorganisa na kasi, pero siya'y naging tagapagdala nung Binhi, kita n'yo.

129 [Isang kapatid na lalaki ang nagsasalita sa ibang wika. Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Amen. Ngayon salamat sa Diyos

para dun, sa Salita, ang kasimplehan ng Salita na sinabi.

130 Kita n'yo, simple lang, kagaya rito, parang nakaantabay lang sa pagtubo ng mais. Hindi n'yo kailangan ng kung anong magarbong teolohikal na interpretasyon ukol dito. Matyagan n'yo lang. Kayo'y. . . Siya'y nariyan lang sa palibot n'yo, sa lahat ng panahon. Kita n'yo, ang. . . isa itong. . .

131 Kinakailangan ko nang huminto. Naramdaman ko 'yung munting hatak, at hiniling ko sa kanya na gawin 'yun. Kinakailangan nating magtapos na. Ngayon, kapatid, isang komentaryo na lang, pagkatapos aalis na ako.

132 Tingnan n'yo, ngayon, ang talukap, ang tangkay, at iba pa, ay mga tagapagdala lamang ng Salita. May bahagi sila sa Salita, kita n'yo, hanggang sa sila'y makaabot; sa pag-aaring ganap, pagpapaging banal, pagpapanauli ng mga kaloob diyan sa—sa mga Pentecostal. Pero ngayon pansinin n'yo. Kung papaano noon kay Ismael, Isaac, kita n'yo, at pagkatapos kay Jesus; kita n'yo, na ang isa'y binaluktot, ang isa'y orihinal, at heto ang Mismong Binhi na dumating. Kita n'yo? Ngayon, ang iglesya'y dumaan sa parehong bagay, mismo. Gaya ng isang bulaklak o anumang ibang bagay, umiinom ito, humihigop, at nagiging. . .

133 Hindi ibig sabihin nun na ang Lutheran ay mapapahamak na. Ang Lutheran na tumanggi sa pagpapaging banal, mapapahamak nga, 'yung gustong manghawakan pa rin sa bagay na. . . Kita n'yo, ang Israel ay kumakain noon ng bagong manna gabi-gabi, kita n'yo. Pansinin.

134 Pero ngayon sa huling kapanahunan, tingnan n'yo itong talukap dito, ngayon pansinin, sa trigo. Ang kumpletong hiwaga ng—ng Buhay ay naseselyuhan sa loob ng talukap na 'yun. Makikita natin ito kay Luther, na umuusbong. Makikita natin 'yun sa tungkos, na lumalabas. Makikita natin 'yun sa tangkay. Nakarating tayo rito, at ngayon ito'y nasa anyo na ng talukap, halos gaya ng Pentecostal na kapanahunan, pero ang tunay na hiwaga'y nakatago sa loob.

135 Ngayon alalahanin n'yo, ayon sa Apocalipsis, ang buong hiwaga ng Aklat ay selyado ng Pitong Tatak, na ang mga repormista'y hindi nagkaroon ng pagkakataon na mapalitaw, sa apat na yugto na 'yun ng reporma, ang apat na yugto ng apat na Nilalang na lumitaw noon para harapin ang apat na kapangyarihan ng mundo. Ang una'y lumitaw roon, na isang. . .

136 Ano 'yung unang lumitaw? Isang leon, para katagpuin ang kapanahunan ng Romano. Yun ang Salita, ang orihinal. Siya ang Leon ng lipi ni Juda. Si Cristo Mismo'y nagtungo para katagpuin ang kapanahunan na 'yun. Ano 'yung kasunod na hayop na lumabas para makibaka; ang kasunod na hayop na lumitaw, para makibaka dun sa isa pang mangangabayo, ano siya? Kita n'yo, ang unang mangangabayo'y nakasuot ng puti, may korona

sa kanyang ulo, tapos, at kung ano pa, pero may busog na walang mga pana.

137 Pansinin ang ikalawang kabayo na lumitaw, ang Nilalang na lumitaw para katagpuin siya ay isang baka. Ang baka ay isang hayop para sa pag-aalay. Sila'y dumaan sa pagkamartir noong madilim na kapanahunan.

138 Ang ikatlong Nilalang na lumitaw noon para katagpuin ang kasunod na kabayo, bago dumaan ang kamatayang kabayo, kamatayan at impyerno, ang kasunod na kabayo na lumitaw . . . Ang kasunod na Nilalang na lumitaw para katagpuin ang mangangabayo ng panahon na 'yun, ay ang Nilalang na may mukha ng tao. Ilan ang nakakaalam nun? Ang kapanahunan ng intelektuwal, ang mga repormista, sina Luther, Wesley, Calvin, Knox, Finney, Moody. Kita n'yo?

139 Pero pagkatapos pansinin n'yo, kung ano ang lumitaw noong panahon ng gabi? Isang agila, propetiko muli. Magliliwanag sa panahon ng agila, ang daan patungo sa Kaluwalhatian ay sigurado n'yong matatagpuan, Oh Iglesya ng Diyos na buhay!

140 Sana makaparito ako at—at sadyang makaupo sa isang umaga, at makapanatili nang buong araw, makasama kayo sa palibot ng mga bagay na ito. Pakinggan n'yo, sa palagay n'yo ba hindi ko kayo gusto? Iniibig ko kayo, mga kapatid. Nais kong—kong—kong magtungo sa bawat organisasyon at makipag- . . . at—at sadyang maniwala sa bawat isa. Pero, kita n'yo, hindi posible. Halos wala nang bukas na pinto para sa akin.

141 Palihim akong magpupunta sa isang bansa ngayon, dahil sa organisasyon, dahil ayaw nilang payagan ang pagmiministeryo na ang Diyos . . . Sinulatan ko sila ng liham pabalik, sabi ko, "Sa sampung taon na sinusubukan kong makapasok. At heto kayo sa kahibangan n'yong pagbabautismo!"

142 Ang isa sa kanila'y naniniwala na kinakailangan n'yo raw mabautismuhan nang tatlong beses: isa para sa Ama, at isa para sa Anak, Espiritu Santo; nang paharap. Ang sabi naman nung isa, "Hindi, kinakailangan n'yong mabautismuhan nang tatlong beses nang patalikod: isa para sa Anak, isa para sa Ama, at sa Espiritu Santo." At kapwa sila mali.

143 Ang sabi ng isa, "Siya, kayo'y dapat mabautismuhan tungo sa Kanyang kamatayan, at papaharap ang bagsak Niya noong mamatay Siya. Tayo'y dapat mabautismuhan ukol sa Kanyang kamatayan." Ang sabi naman nung isa, "Sino ang naglilibing sa isang tao na una ang mukha? Inililibing n'yo ang tao, pahiga." Mga ganoong walang katuturan, na pinagwawatak-watak ang mga tao, haya't ipinapakita lang ang paninibugho. Galing ito kay Satanas. Hindi ito sa Diyos.

144 Sa gitna ng dalawang panig, ang Diyos ay wala sa magkabilang panig, pero tumatawag Siya mula sa parehong

panig, "Lumabas kayo mula sa kanila, at mahiwalay nga kayo, ang sabi ng Diyos, at tatanggapin Ko kayo sa Aking Sarili."

Pagpalain kayo ng Diyos.

65-0429B Ang Binhi Ay Hindi Magiging
Tagapagmanang Kasama Ang Talukap

Biltmore Hotel

Los Angeles, California U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org